| 2:45 PM - 3:45 PM | Awarding of Category Winners<br>(1) News Writing<br>(2) Editorial Writing<br>(3) Literary Writing<br>(4) Features Writing<br>(5) Science and Technology Writing<br>(6) Editorial Cartooning<br>(7) Photojournalism<br>(8) Multimedia<br><br>(9) Gawad Roger Sese<br>(10) Gawad Leticia Ladlad | |
| 3:45 PM - 3:55 PM | Spiel | |
| 3:55 PM - 4:05 PM | Closing Message<br>-Overall in Charge | |
| 4:05 PM - 4:10 PM | Event Highlights Showing (AVP) | |
| 4:10 PM - 4:25 PM | Closing Spiel | |
| 4:25 PM - 4:30 PM | UP Naming Mahal | |
| 4:30 PM - 5:00 PM | REGRESS | |

*Kalakip 2: Opisyal na Form ng mga Delegasyon mula sa mga publikasyon*

Maaaring kunin ang pdf na kopya na ito sa drive na ito: https://drive.google.com/file/d/1IwrbxubvvafDbG8BL6OyNhOwotV2qGgA/view?usp=drivesdk

**Siguraduhin din na madadala ang pisikal na kopya nito sa mismong araw ng registration. **

***PUNLAAN 2026: Pagpapayabong ng Mapanuring Pamamahayag at Kritikal na Kamalayan sa Gitna ng Krisis-Panlipunan***

| Level (SHS o Tertiary) | Name | Category | Medium (Filipino o English) | Name of School Paper (DO NOT ABBREVIATE) | School (DO NOT ABBREVIATE) | School Paper Adviser (Only 1) |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | | |
| | | | | | | |
| | | | | | | |
| | | | | | | |
| | | | | | | |
| | | | | | | |
| | | | | | | |
| | | | | | | |
| | | | | | | |
| | | | | | | |

*Kalakip 3: Detalye ukol sa Kaukulang Bayad*

| **MGA KALAKIP** | **KAUKULANG PRESYO** |
|---|---|
| Tutuluyan (tatluhan sa isang kwarto, may nakalaan na isang higaan kada kalahok) | **PHP 500.00** *(PHP 250.00 kada tao kada araw; batay sa pinakamababang accommodation rate sa loob ng pamantasan)* |
| *Packed Meal* (may dalawang ulam at isang kanin)<br>• Unang Araw: Almusal, Tanghalian, Hapunan<br>• Ikalawang Araw: Almusal at Tanghalian | **PHP 750.00** *(PHP 150.00 kada packed meal)* |
| *Press Conference Kit*<br>• *Tote Bag*<br>• *Handbook*<br>• *Customized Notebook*<br>• *Ballpen*<br>• ID na may *customized* na lanyard<br>• *Hand fan* | **PHP 250.00** |
| **KABUUAN** | **PHP 1,500.00** |

Punlaan
perspective.uplb@up.edu.ph
@uplbperspective

*Kalakip 4: Detalye ukol sa Pagbabayad (via Online).*

| **PAYMENT MODE** | **QR CODE** |
| --- | --- |
| **Bank Transfer (Landbank)** | LANDBANK<br>CHRISTIAN GERARD BARRIOS<br>Account Number: XXXXXX3873<br>Transfer fees may apply |
| **Online Payment Channel (GCash; mobile no.: 09285173501; Christian Gerard R. Barrios)** | GCash |

**MGA PANUNTUNAN SA PAGBABAYAD:**

1. Ang mga kalahok ay kinakailangang mabayaran ang limampung porsyento (50%) ng kabuuang halaga ng rehistrasyon bago o sa ika-15 ng Pebrero, 2026.
2. Ang nalalabing limampung porsyento (50%) ay maaaring bayaran sa araw ng rehistrasyon na gaganapin sa Day 0 at Day 1.
3. Kinakailangang mabayaran nang buo ang registration fee para sa multimedia entry bago o sa ika-28 ng Pebrero, 2026.
4. ng bayad sa rehistrasyon ay maaaring ipadala sa nakasaad na mga payment channels, na nakasaad sa itaas.
5. Para sa agarang pagtukoy ng mga transaksyon, maglagay na lamang ng *"PUNLAAN 2026-Pangalan ng Publikasyon-Apelido"* bilang mensahe o kumento sa pagpapadala nito sa mga naturang payment channels.

*Kalakip 5: Mga Link para sa Online Registration*

| **Event** | **Registration Link** *(Responder Link)* | **QR Code** |
|---|---|---|
| 1. News Writing | https://forms.gle/QwEtM8rWmqp1YvdS8 | |
| 2. Feature Writing | https://forms.gle/iybmdNjzP9W3L7EWA | |
| 3. Editorial Writing | https://forms.gle/i6PG3MfUgZ97XCej7 | |
| 4. Editorial Cartooning | https://forms.gle/aRV1iszk1TUkcUQ97 | |
| 5. Photojournalism | https://forms.gle/geFDJyBYM6eaEYXv5 | |

| | | |
|---|---|---|
| 6. Science and Technology Writing | https://forms.gle/bNJWkjHZZb33UNpB8 | |
| 7. Multimedia | https://forms.gle/xw6wFZCTzA55W4HTA | |
| 8. Literary Writing | https://forms.gle/4m9DoqkseBvc9RxdA | |
| 9. School Paper Adviser/s | https://forms.gle/1hDLwSWouxi7SUQC7 | |

*Maaring makuha ang kopya ng **Parental Consent** sa link na ito: PUNLAAN 2026_PARENTAL CONSENT.pdf*

*Kalakip 6: Mga Alituntunin para sa mga Patimpalak*

Ang mga patimpalak ay idinisenyo upang maipamalas ang kakayahan ng mga mamamahayag pangkampus at itaguyod ang makatarungan at mapanuring paggamit ng midya bilang batayan ng responsableng pamamahayag.

Ang mga sumusunod na alituntunin ay mahigpit na ipatutupad:

**A. *Batayan ng Diskwalipikasyon:***

- Bilang pagkilala at paggalang sa Intellectual Property Rights, batay sa *Intellectual Property Code of the Philippines (RA 8293) of 1997*, mahigpit na susundin ang mga alituntunin laban sa pamimirata o plagiarism. Muling binibigyang-diin ng PUNLAAN 2026 ang paninindigan nitong idiskuwalipika ang mga pahayagang pampaaralan at mga indibidwal na mapapatunayang nangopya at naglathala ng mga teksto, grapika, at iba pang materyales nang hindi wastong kinikilala ang kanilang mga pinagmulan.
- Ang mga indibidwal na mahuhuling gumagamit ng anumang uri ng gadyet habang ginaganap ang patimpalak ay maaaring idiskuwalipika.
- Anumang pinal na awtput na mapatunayang ginamitan ng *Artificial Intelligence (AI)* ay awtomatikong ididiskuwalipika.
- Ang mga mag-aaral na hindi kumumpleto sa mga hinihinging *requirements* at pumalya sa beripikasyon bilang opisyal na mag-aaral ng isang unibersidad o sekondaryang paaralan ay hindi pahihintulutang lumahok sa patimpalak.

**B. *Pangkalahatang Patnubay:***

- Maaaring magtanong ang mga kalahok sa mga nakatakdang facilitator. Kung sakaling hindi ito naresolba, maaaring ipaabot sa mga patnugot ng nag-organisang publikasyon.
- Inaasahan ang bawat kalahok na panatilihin ang mahusay na pakikitungo sa mga kapwa nitong kalahok at sa mga tagapamahala ng paligsahan.
- Lahat ng kalahok ay kinakailangang makadalo sa oryentasyon ng kategoryang lalahukan na mangyayari ilang minuto bago magsimula ang isang oras na pagsulat.
- Kikilalanin ang tatlong kalahok sa bawat kategorya na may pinakamataas na nakuhang grado mula sa itinakdang pamantayan.

- Pinal na at hindi na mababawi ang desisyon ng mga hurado ng paligsahan sa lahat ng kategorya.

## C. Mga Patnubay sa Bawat Kategorya

### a. *Pagsulat ng Balita (News Writing)*

- Midyum:
  - Ingles at Filipino
- Ang mga kakailanganing materyales (e.g. ballpen at papel) ay mismong ibibigay na ng *facilitator.*
- Mekaniks:
  - Ang mga kalahok ay kinakailangang magsulat ng isang balita sa loob ng itinakdang oras.
  - Ang paksa/tema ay ibibigay sa araw ng paligsahan.
  - Ang *fact sheets* o iba pang batis ng impormasyon ay ibibigay sa mga kalahok bilang batayan ng pagsulat ng artikulo.
  - Ang iba pang mga detalye at direksyon ay maaaring ibigay ng hurado ayon sa kaniyang pagpapasiya.

### b. *Pagsulat ng Lathalain (Feature Writing)*

- Midyum:
  - Ingles at Filipino
- Ang mga kakailanganing materyales (e.g. ballpen at papel) ay mismong ibibigay na ng *facilitator.*
- Mekaniks:
  - Ang mga kalahok ay kinakailangang magsulat ng isang lathalain tungkol sa isang paksa sa loob ng itinakdang oras.
  - Ang paksa/tema ay ibibigay sa araw ng paligsahan.
  - Ang fact sheets o iba pang batis ng impormasyon ay ibibigay sa mga kalahok bilang batayan ng pagsulat ng artikulo.
  - Ang iba pang mga detalye at direksyon ay maaaring ibigay ng hurado ayon sa kaniyang pagpapasiya.

**c. *Pagsulat ng Editoryal (Editorial Writing)***

- Midyum:
  - Ingles o Filipino
- Ang mga kakailanganing materyales (e.g. ballpen at papel) ay mismong ibibigay na ng *facilitator.*
- Mekaniks:
  - Ang mga kalahok ay kinakailangang magsulat ng isang editoryal tungkol sa isang paksa sa loob ng itinakdang oras.
  - Ang paksa/tema ay ibibigay sa araw ng paligsahan.
  - Ang iba pang mga detalye at direksyon ay maaaring ibigay ng hurado ayon sa kaniyang pagpapasiya.

**d. *Paglalarawang Tudling (Editorial Cartooning)***

- Midyum:
  - Ingles o Filipino
- Mga kailangang materyales:
  - Lapis (No.2), ang papel na gagamitin ay ibibigay sa mismong araw ng patimpalak.
- Mekaniks:
  - Ang mga kalahok ay maaaring gumamit lamang ng lapis na No. 2. Bawal ang pens o mechanical pencils sa paggawa ng kartun/dibuho.
  - Magbibigay ang mga organizers ng *Oslo paper na may lakip na caption sheet* bilang opisyal na papel na pagguguhitan.
  - Ang mga gawang *digital* ay hindi tatanggapin.
  - Ang kartun/dibuho ay dapat naaayon sa isang paksa o isyu na ibibigay sa araw ng paligsahan.

**e. *Larawang Pampahayagan (Photojournalism)***

- Midyum:
  - Ingles o Filipino
- Mga kinakailangang materyales:
  - point-and-shoot o DSLR cameras, lapis, ballpen
- Mekaniks:
  - Paghahanda

i. Ang mga kalahok ay dapat nasa lugar na ng paligsahan, simula pa lamang ng oryentasyon sa mga panuntunan.
ii. Ang mga kalahok ay maaaring gumamit ng *point-and-shoot* o *DSLR cameras* na may *prime lens o zoom lens 18-55mm.*
iii. Ang mga kalahok ay dapat na magpasa ng kamera na may *internal memory* na walang laman at dalawang (2) *memory cards* na walang laman upang tingnan at suriin ng mga *examiner* bago ang pagbubukas ng paligsahan. Gagawin ito bago magsimula ang paligsahan.
iv. Ang mga kalahok ay dapat na magdala ng kanilang sariling *camera cable* para sa pag-*upload* at pag-*save* ng mga litrato.
v. Ang mga *cellular/smart phones, extra digital cameras,* o anumang adisyonal na kagamitan o *equipment* ay ipinagbabawal sa paligsahan.
vi. Ang mga kalahok ay maaari lamang kumuha ng mga litrato sa itinalagang lugar ng paligsahan.
vii. Ang mga kalahok ay dapat na magdala ng kanilang sariling *ballpen* na itim habang magbibigay ang mga *organizers* ng papel kung saan maaaring pagsulatan ng mga tala habang kumukuha ng litrato.

- *Photo Shoot, Uploading, and Captioning*
  i. Ang *loading* at *unloading* ng storage card ay dapat gawin sa harapan ng examiner.
  ii. Ang *control shot* ay ang itinuturing na unang kuha o *first shot.*
  iii. Ang mga kalahok ay bibigyan ng dalawang (2) oras upang kumuha ng mga litrato.
  iv. Ang mga kalahok ay malayang kumuha ng kahit ilang litrato ngunit kailangan ipasa ang *control shot* at limang litrato na may kapsyong naaayon sa ibinigay na paksa o tema.
  v. Ipinagbabawal ang mga gawang na-*edit* at/o minanipula. Kabilang ngunit hindi limitado ang *retouching*, *cropping*, *stitching*, pagbabago ng

kulay at *hues*, paggamit ng *presets* at *lens filter*, at pag-adjust ng *brightness, contrast*, at *saturation*

vi. Ang mga ipinasang litrato ng bawat kalahok ay ilalagay sa iisang folder (Pangalan ng mga file sa folder: ***CODE NUMBER_2026Punlaan).***

vii. Ang mga kalahok ay bibigyan ng *caption sheet* ng mga *organizer*.

viii. Ang mga kalahok ay dapat na isulat ang pangalan ng *file* ng bawat litrato sa *caption sheet*.

ix. Ang mga kalahok ay bibigyan ng isang (1) oras upang magsulat ng kapsyon para sa bawat isa sa limang litratong kinuha.

x. Ang mga tagapayo, tagapagsanay, guro, at mga magulang ay ipinagbabawal sa lugar ng paligsahan sa buong pagdaraos ng kompetisyon.

### f. *Pagsulat ng Agham at Teknolohiya (Science and Technology Writing)*

- Midyum:
  - Ingles o Filipino
- Ang mga kakailanganing materyales (e.g. ballpen at papel) ay mismong ibibigay na ng *facilitator*.
- Mekaniks:
  - Ang mga kalahok ay kinakailangang magsulat ng isang artikulong pang-agham at teknolohiya sa loob ng itinakdang oras.
  - Ang paksa/tema ay ibibigay sa araw ng paligsahan.
  - Ang *fact sheets* o iba pang batis ng impormasyon ay ibibigay sa mga kalahok bilang batayan ng pagsulat ng artikulo.
  - Ang iba pang mga detalye at direksyon ay maaaring ibigay ng hurado ayon sa kaniyang pagpapasiya.

**g. Multimedia**

- Midyum:
  - Ingles o Filipino
- Mekaniks:
  - Ang isang grupo, na binubuo ng tatlo hanggang anim na indibidwal ay gagawa ng isang *audio-visual* (AVP) na produksyon na may durasyon na hindi bababa sa tatlong (3) minuto at hindi lalampas sa pito (7).
  - Gagawa ang isang grupo ng AVP na nakaangkla sa ***isyung panlipunang kinakaharap ng komunidad o lugar na pinanggalingan.*** Ito dapat ay nasa .mp4 format at may titulong **("Title"_MultimediaPUNLAAN2026)**.
  - Kaakibat ng .mp4 *file*, kinakailangang magsumite rin ang grupo ng *Rationale, Treatment at Objectives* (RTO), na nagsilbing balangkas ng ginawang materyal. Ang .pdf *file* ay dapat may titulong **("Title"_RTO_MultimediaPUNLAAN2026)**. Maaring sundan ang halimbawa ng RTO na ito: https://drive.google.com/file/d/1uUVkrAo7wyiEKyrwjEE0CeFq7qfsVk2l/view?usp=drivesdk
  - Kinakailangang magsumite ng Two-Column Script ng naturang awtput. Ang .pdf file ay dapat may titulong **("Title"_TwoColumnScript_MultimediaPUNLAAN2026)**. Maaring sundan ang halimbawa ng Two-Column Script na ito: https://drive.google.com/file/d/1c_AlXiwd6lN-x-MH5vElpFj6TKk5xt1z/view?usp=drivesdk
  - Maaaring gumamit ng bidyo, litrato, tunog o anumang kagamitan mula *internet*, ngunit, mangyaring ilagay ang mga naging batis nito sa bidyo.
  - Maaaring gumamit ng kahit anong *software* para sa kabuuang ayos ng materyal na isusumite.
  - Kinakailangan na maglapat ng *'Trigger Warning'* o paalala sa simula ng awtput kung ito ay magpapakita at magpapahiwatig ng konsepto ng karahasan o anumang uri ng diskriminasyon tulad ngunit hindi limitado sa *racism, ableism, homophobia* at *sexism.*

- Hinihikayat na maglagay ng *subtitles* sa kabuuan ng bidyo. Kung napagpasiyahan na hindi maglagay nito sa aktwal na bidyo na isusumite, maaaring maglakip ng angkop na *file* na pinaglalamanan ng *subtitles* na may titulong ("Title"_Subtitle_MultimediaPUNLAAN2026).
- Ang paggamit ng AI sa anumang parte ng produksiyon ay ipinagbabawal. Kung mapatunayang gumamit nito, hahantong sa diskwalipikasyon ang *entry*.
- Ang lahat ng *files* ay dapat mailagay sa isang *drive folder* na may pangalang **("PangalanNgPaaralan"_PUNLAAN 2026_Multimedia)** Isusumite ito sa *drive folder* na ibabahagi ng PUNLAAN 2026 isang linggo bago ang aktuwal na paligsahan. Magiging bukas ang *folder* sa loob lamang ng dalawampung (12) oras, isang linggo bago pormal na magsimula ang patimpalak.
- Magkakaroon ng kabuuang pagmamay-ari at karapatan ang PUNLAAN 2026 at UPLB Perspective sa materyales na isusumite.
- Ang bawat isinumiteng AVP ay itatanghal sa porsiyon ng Cultural Night ng PUNLAAN 2026.
- Hindi kinakailangang dumalo *on-site* ng mga kalahok ngunit, maaari itong pumunta kung sila ay magiging partisipante ng ibang kategorya.
- Magkakaroon rin ng *online workshop* na tatalakayin ang naturang teknikalidad at konsepto kaugnay ng kategoryang ito.
- Ipapadala ang mga napanalunang mga parangal sa mga nasabing paaralan kasabay ng ibang benepisyo mula PUNLAAN 2026.

### h. *Pagsulat ng Panitikan (Literary Writing)*

- Midyum:
  - Ingles o Filipino
- Mga kailangang materyales:
  - Lapis, papel, ruler (opsyonal)
- Mekaniks:

- Ang mga kalahok ay kinakailangang magsulat ng isang artikulong pampanitikan (creative nonfiction) tungkol sa isang paksa sa loob ng itinakdang oras.
- Malayang pumili ng paksa ang mga manunulat batay sa prompt na ibibigay sa araw na paligsahan.
- Ang mga kalahok ay maaaring pumili ng isa lamang sa sumusunod na anyo ng creative nonfiction:
    a. Literary reportage; o
    b. Personal/narrative essay
- Ang akda ay dapat nakabatay sa totoong karanasan, pangyayari, o sitwasyong panlipunan. Maaaring ito ay obhektibong pag-uulat sa ilalim ng literary reportage, o personal na pagninilay at salaysay sa ilalim ng personal/narrative essay.
- Hinihikayat ang paggamit ng malikhaing teknik sa pagsulat, gaya ng pagbuo ng eksena o naratibo, pagkakaroon ng diyalogo, masining na paglalarawan, at simbolismo. Ngunit dapat na ay nananatili itong tapat sa katotohanan at hindi gumagamit ng mga kathang-isip na detalye.
- Ang iba pang mga detalye at direksyon ay maaaring ibigay ng hurado ayon sa kaniyang pagpapasiya.

*Kalakip 7: Pampahayagang Palihan*

**A. Layunin ng Palihan**

- Linangin ang kasanayan ng mga mag-aaral sa larangan ng pamamahayag, partikular sa pagsulat, pag-edit, at pagdidisenyo ng pahayagan alinsunod sa mga pamantayan ng midya, habang sinusuri rin ang mga implikasyon nito sa iba't ibang konteksto.
- Palalimin ang pag-unawa sa kritikal at mapanuring tungkulin ng pamamahayag bilang institusyong nagsisilbi hindi lamang sa kampus kundi sa mas malawak na lipunan.
- Magbigay ng praktikal at konstruktibong espasyo ng paghahatid ng puna, pagkatuto, at kolaborasyon hinggil sa mga paksa at isyung sinasaklaw ng pangkampus na pamamahayag.
- Magbigay ng praktikal at konstruktibong espasyo ng talakayan kung saan ang teorya at praktika ng pamamahayag ay iniuugnay sa mga konkretong gawain ng pagbuo ng diyaryo, kasabay ng pagtanong sa mga kondisyon at relasyon ng paggawa sa loob ng publikasyon.
- Mahubog ang kamalayan sa kalayaan sa pamamahayag at mga hamon nito sa loob at labas ng kampus.

**B. Mga Alituntunin at Mekaniks**

- Kinakailangang magpasa ang mga lalahok na publikasyon ng isang (1) pahayagan na kanilang nais isalang sa palihan, isang linggo bago ang pagsisimula ng patimpalak. Mahigpit na susundin ang deadline sa pagpapasa ng pahayagan, dahil ito ang magiging batayang materyal para sa palihan.
- Ang mga isusumiteng pahayagan ay kinakailangang magmula sa mga isyung nailimbag simula taong 2023 pataas. Ang mga ito ay maaaring nasa wikang Ingles, Filipino, o kombinasyon ng parehong wika; at maaaring kabilang ang mga akdang published o unpublished. Tinitiyak ng patakarang ito na ang mga isusumiteng materyal ay napapanahon at may malinaw na kaugnayan sa kasalukuyang konteksto ng publikasyon.
- Ang mga isusumiteng pahayagan ay kailangang i-upload sa registration forms na mayroong file name format na ***PUBLICATION NAME_Volume no., Issue no.*** (Hal. UPLB PERSPECTIVE_Volume 51, Issue 3).
- Bawat publikasyon ay makakatanggap ng assigned workshop newspapers at workshop forms, isang linggo bago ang pagsisimula ng palihan. Nangangahulugan ito na magkakaroon din sila ng isang linggo para

basahin/suriin ang mga diyaryo at ihanda ang kanilang mga puna at mungkahi na ilalahad sa mismong araw ng palihan.

- Nararapat na magkaroon ng tatlo (3) hanggang limang (5) representante ang bawat pahayagang lalahok sa araw ng palihan.
- Nararapat na ang mga kalahok na estudyante ay kasapi sa mga indibidwal na kategoryang itinampok.
- Ang bawat pahayagan ay magkakaroon ng itinakdang maximum na limang (5) minuto para sa pagbibigay ng puna at mungkahi. Ang daloy ng talakayan ay ibabatay sa mga puntong nakasaad sa mga kalakip na workshop forms.
- Required ang pagsali ng mga lalahok na publikasyon sa palihan, sapagkat dito magmumula ang dalawampung porsiyento (20%) ng kanilang kabuuang grado para sa **Gantimpalang Leticia Ladlad para sa Pinakamahusay na Pahayagang Pangkampus** at ang magsisilbing pangunahing batayan ng parangal na **Pinakamahusay na Pahinang Pampahayagan (Special award)**, sumangguni sa Kalakip [8] sa detalyadong impormasyon para sa nasabing paranggal.

*Kalakip 8: Mga Parangal at Pangkalahatang Pwesto*

## A. MGA GANTIMPALA

**Indibidwal na Gantimpala**

- Ang mga indibidwal na gantimpala ay igagawad bilang pagkilala para sa mga kalahok na nagpamalas ng husay at natatanging dedikasyon sa larangan ng makamasang pamamahayag.
- Hihirangin ang tatlong (3) mga kalahok na nagkamit ng pinakamataas na puntos mula sa mga sumusunod na kategorya:
    - Pagsulat ng Balita *(News Writing)*
    - Pagsulay ng Lathalain *(Feature Writing)*
    - Pagsulat ng Editoryal *(Editorial Writing)*
    - Paglalarawang Tudling *(Editorial Cartooning)*
    - Pagsulat ng Agham at Teknolohiya *(Science and Technology Writing)*
    - Pagsulat ng Panitikan *(Literary Writing)*
    - Pagkuha ng Larawang Pampahayagan *(Photojournalism)*
- Lahat ng kalahok na makakakamit ng Unang Puwesto sa kanilang kategorya ay makatatanggap ng costumized na medalya at sertipiko ng pagkilala.
- Para sa ispesyal na kategorya na Palihan, kikilanin ang paaralang pinakamahusay na nakapagtampok ng kanilang kaalaman, batay sa mga nailistang pamantayan.
- Lahat ng dumalo at nakilahok sa anumang kategorya ay makatatanggap ng Sertipiko ng Pakikihalok.
- Ang mga mananalong artikulo mula sa mga indibdwal na kategorya ay maililimbag sa *Special Issue* ng UPLB Perspective, taong 2026. Ito ay ibabahagi sa *online* na plataporma ng nasabing pahayagan at ipapadala ang *hardcopy* sa mga lumahok na paaralan.

## Mga Natatanging Gantimpala sa Larangan ng Multimedia

### Pinakamahusay sa Komunikasyong Pangkaunlaran

- Ang gantimpalang ito ay igagawad sa tatlong (3) natatanging awtput na nagpakita ng kritikal at pinakakomprehensibong pag-uulat hinggil sa mga isyung kinahaharap ng mga partikular na komunidad, batayang sektor, at isyung panlipunan.

### Pinakamahusay sa *Audiovisual* na Disenyo

- Ang gantimpalang ito ay igagawad sa tatlong (3) mga awtput na nagpakita ng pinakamahusay na teknikal na aplikasyong biswal at *audio*, kaangkupan ng disenyo, at malikhaing presentasyong epektibong nakapukaw sa interes ng mga manonood.

### Pinakamahusay sa Pagsulat ng Script

- Ang gantimpalang ito ay igagawad sa tatlong (3) produksyong nagpamalas ng husay at kasanayan sa paglikha ng isang malinaw at organisadong naratibo ng pagbabalita na tumutugon sa pangangailangan at antas ng pag-unawa ng masa sa pamamagitan ng paggamit ng angkop at epektibong wika sa paglalahad ng impormasyon.

### Natatanging Multimedia Awtput

- Bilang pagkilala sa pinakamahusay na awtput na nagpapakita ng kasikhayan sa larangan ng komunikasyon sa pamamagitan ng malikhaing integrasyon ng pagsasalaysay, teknikal na aplikasyon, at malalim na suring panlipunan, ang gantimpalang ito ay iginagawad sa tatlong (3) natatanging produksyon na nagpakita ng kahusayan at inobasyon sa larangan ng *digital* na pamamahayag.
- Hihirangin sa gaganaping Awarding Ceremony ang tatlong produksyong nagkamit ng pinakamatataas na marka sa teknikal na aplikasyon mula sa kabubuuang pamantayan ng kategoryang Multimedia.

**Mga Gantimapala sa ilalim ng Palihan (Special Awards)**

**Pinakamahusay na Pahinang Pampahayagan**

A. Ang gantimpalang ito ay igagawad sa natatanging pahayagang pangkampus na nagpakita ng mataas na antas ng kahusayan sa disenyo, barayti, at pangkalahatang organisasyon ng mga impormasyon sa bawat pahinang pampahayagan at nakakuha ng pinakamataas na iskor mula sa naging pagtatasa at paglalagom sa sesiyon ng Palihan. Kikilalanin ang tatlong pahayagang nagpamalas ng kahusayang ito.

**Mga Espesyal na Gantimpalang Pampahayagan**

**Gawad Roger Sese para sa natatanging Tinig ng Bayan (Best School Newspaper Entry/Coverage)**

- Mula sa alaala at inspirasyon ni Roger Sese, ang kauna-unahang Punong Patnugot ng UPLB Perspective na siyang isa sa mga nagtatag ng pundasyon para sa makamasa at makabayang pamamamahayag hindi lamang sa loob ng pamantasan kundi maging sa Timog Katagalugan, ang parangal na ito ay igagawad sa natatanging pahayagan o school newspaper entry na nagpamalas ng husay sa komprehensibong paglalantad ng mga isyung dinaranas ng kanilang rehiyon, lalawigan, o komunidad; may malinaw na paninindigan sa mga krisis panlipunan; at nagpapakita ng dedikasyon sa paglilingkod sa komunidad sa pamamagitan ng mapanuring pamamahayag.
- Ang gantimpala ay makakamit batay sa pangkalahatang marka ng bawat school newspaper entry. Kikilalanin ang tatlong pahayagang nagpamalas ng kahusayang ito, ngunit isa (1) lamang ang hihirangin sa bawat midyum (isa sa Ingles at isa sa Filipino) mula sa kabuuang entry na isinumite ng lahat ng kalahok na publikasyon.

**Gantimpalang Pangkomunidad para sa natatanging ulat Pangkalikasan**

- Ang gantimpalang ito ay iginagawad sa natatanging pahayagan para sa kanilang mapanuring paglalantad at pagtalakay ng mga isyung pangkalikasan na nagpapakita ng

mapanuring pananaliksik, at malinaw na pag-uugnay ng mga usaping pangkalikasan sa kalagayan at kapakanan ng komunidad. Kikilalanin ang tatlong pahayagang nagpamalas ng kahusayang ito.

**B. Pangkalahatang Puwesto**
**Gantimpalang Leticia Ladlad para sa Pinakamahusay na Pahayagang Pangkampus**

- Mula sa diwa ng pamamahayag na isinulong ni Leticia Ladlad, isang mamamahayag at kauna-unahang babaeng Punong Patnugot ng Aggie Green and Gold, ang kauna-unahang publikasyong pangkampus sa Unibersidad ng Pilipinas Los Baños, nilalayon ng parangal na kilalanin ang mga pahayagang nagpakita ng kabuuang husay sa Ingles at Filipino midyum.
- Batay sa aktibong partisipasyon at kontribusyon ng bawat mamamahayag mula sa mga kalahok na publikasyon, ay hihirangin ang tatlong institusyong nagkamit ng pinakamataas na kabuuang puntos mula sa mga indibidwal na patimpalak (80%) at sa Palihan (20%).
- Kikilalanin ang tatlong pahayagang nakakuha ng mataas na kabuuang marka.
- Ang pangkabuuang puntos ng bawat publikasyon ay nakabatay sa mga sumusunod na pamantayan:
    - **INDIBIDUWAL NA KATEGORYA - 80%**
      RANK 1 - 10 PUNLA PTS
      RANK 2 - 8 PUNLA PTS
      RANK 3 - 6 PUNLA PTS
      PARTISIPASYON- 2 PUNLA PTS
- **PALIHAN - 20%**
- **KABUUAN - 100%**

**Talaan para sa kalkulasyon:**

| PUBLIKASYON | 80% | | | | | | | | 20% | 100% | Rango |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | NW | FW | EW | EC | PJ | S&TW | LW | MM | Palihan | | |
| | | | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | | | |

**C. PARAAN NG PAGTANGGAP NG PARANGAL**

- Ang pagtanggap ng parangal ay maaaring isagawa sa *awarding ceremony* na ihahandog sa pagtatapos ng kaganapan, bilang pagkilala sa natatanging ambag at tagumpay ng mga kalahok.
- Para sa mga hindi makadadalo, may opsyon na ipadala ang parangal sa kani-kanilang paaralan upang matanggap ng maayos.
- Tanging ang *School Paper Adviser* (SPA) o ang mismong mamamahayag ng kampus ang may karapatang tumanggap ng parangal, bilang kinatawan ng kanilang paaralan at ng mga kalahok.

*Kalakip 9: Paglilimbag ng mga Nagwaging Artikulo*

Ang mga nagwaging artikulo ay maililimbag bilang parte ng *special issue* ng UPLB Perspective. Narito ang proseso at magiging pamantayan sa paglilimbag ng mga akda:

- Isusulat ng mga kalahok ang kanilang artikulo sa mismong araw at oras ng laban.
- Susuriin ang mga artikulo ng mga hurado at lalagyan ng komento o puna kung kinakailangan.
- Ibabalik sa mga nagwagi ang kanilang orihinal na papel na may kalakip na mga komento ng hurado sa pamamagitan ng kanilang opisyal na Gmail account.
- Bibigyan ng pagkakataon ang mga nagwagi na irebisa at paghusayin ang kanilang mga akda batay sa mga natanggap na puna. Magbibigay ang PUNLAAN 2026 ng isang (1) linggo upang ma-pulido ang artikulo.
- Isusumite ang nirebisang artikulo sa pamamagitan ng email, alinsunod sa itinakdang petsa at oras.
- Idi-disenyo ng *layout artist* mula UPLB Perspective ang mga naisumiteng artikulo.
- Ilalathala ito bilang isang *special issue*, na magkakaroon ng mga nakaimprentang kopya; kasabay nito, ipapadala rin sa mga nagwagi ang digital na kopya.

*Kalakip 10: Ad Hoc Department*

**Overall Heads:**

CM Tabora
Weather Alfonso

**Department Heads:**

**Program Department**

Eugene Ann Samantela, Head
Mark Joseph Latade, Co-Head

**Marketing Department**

Josh Andrei Hermosilla, Head
Vincent Cultura, Co-Head

**Logistics Department**

Chryzel Alano, Head
Sydney Luzande, Co-Head

**Finance Department**

Yad Barrios, Head

**Publicity Department**

Russel Andrei Christopher Rivera, Head
Shaira Desagun, Co-Head

**Registration Department**

John Reno Padilla, Head
Rye Mikkel Peralta, Co-Head

**Guest Relations Department**

Haddasah Bernadine, Head
Lori Panizal, Co-Head